Pagwawakas ng mga Serbisyo ng MSSP (Paunawa ng Aksyon)

Pangalan: _____ Petsa:_____

Address: _____

MSSP ID: _____

Tungkol sa: Pagwawakas ng mga Benepisyo sa Multipurpose Senior Services Program (Programa ng mga Serbisyo sa Matatanda na may Maraming Layunin, MSSP)

Mahal na: _____

Ang Welfare and Institutions Code (Kodigo ng Kapakanan at mga Institusyon), 9560 at kasunod ay nagpapahintulot sa pagpapatakbo ng Multipurpose Senior Services Program para sa mga taong 60 taong gulang o pataas, mga tagatanggap ng Medi-Cal, naninirahan sa komunidad, at sertipikado o maaaring sertipikahan para sa pagkakatalaga sa isang nursing facility (NF). Dagdag pa rito, ang gastos para sa paglilingkod sa mga tagatanggap ay hindi maaaring palaging lumampas sa gastos ng nursing facility. Tumatanggap ka ng mga serbisyo ng MSSP sa ilalim ng Batas na ito.

Sinuri namin ang impormasyong ibinigay at natukoy na mula _____ hindi ka na karapat-dapat para sa mga serbisyo ng MSSP dahil:

2. ☐ Hindi ka nakatira sa lugar ng serbisyo ng MSSP.
3. ☐ Hindi mo na gustong makatanggap ng mga serbisyo ng MSSP.
4. ☐ Hindi mo na natutugunan ang mga pamantayan para sa pagkakalagay sa isang nursing facility.
5. ☐ Iba pa: _____
6. ☐ Hindi ka na kwalipikado para sa Medi-Cal (o hindi matugunan ang iyong hati sa gastos).
7. ☐ Ikaw ay na-admit sa isang ospital o nursing facility.
8. ☐ Ang tinantyang gastos sa pagbibigay sa iyo ng mga serbisyong nakabase sa tahanan ay higit pa sa gastos ng full-time na pangangalaga sa isang nursing facility.
9. ☐ Ang iyong pagiging karapat-dapat sa Medi-Cal ay nagbago at naging aid code na hindi ka na kwalipikado para sa mga serbisyo ng MSSP.
10. ☐ Hindi ka pumapayag o hindi mo kayang gamitin ang mga serbisyo sa pamamahala ng pangangalaga.

KUNG HINDI KA SUMASANG-AYON SA PAGPAPASYANG ITO, MAY KARAPATANG HUMINGI NG STATE FAIR HEARING (PATAS NA PAGDINIG NG ESTADO) SA HARAP NG ISANG ADMINISTRATIVE LAW JUDGE (HUKOM NA ADMINISTRATIBONG BATAS) NG CALIFORNIA STATE DEPARTMENT OF SOCIAL SERVICES (KAGAWARAN PARA SA MGA SERBISYO PANLIPUNAN NG ESTADO NG CALIFORNIA. KALAKIP ANG MGA TAGUBILIN PARA SA PAGHILING NG PAGDINIG.

Ang mga batas ng Estado na nag-aatas ng aksyong ito ay matatagpuan sa Code of California Regulations (Kodigo ng mga Regulasyon ng California), Titulo 22, Dibisyon 3, Subdibisyon 1, Kabanata 2, Artikulo 18, Seksyon 50951; at Welfare and Institutions Code (Kodigo ng Kapakanan at mga Institusyon), mga Seksyon 10950-10965.

Ang sumusunod na may tsek na status ay naaangkop sa iyo:

1. ☐ Makakaasa ka na ang pagwawakas ng MSSP ay hindi makakaapekto sa iba pang mga serbisyong medikal o panlipunan na karapat-dapat mong matanggap sa pamamagitan ng Programang Medi-Cal ng California o iba pang mga programa para sa pampublikong benepisyo.

2. ☐ Dahil ang iyong kasalukuyan pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyo ng Medi-Cal ay nauugnay sa iyong patuloy na pagiging karapat-dapat para sa MSSP, hindi ka na magiging karapat-dapat para sa Medi-Cal sa ilalim ng pamantayang ito. Maaari kang makipag-ugnayan sa lokal na tanggapan ng kapakanan sa iyong county upang malaman kung ang iyong mga benepisyo sa Medi-Cal ay maaaring maipagpatuloy sa ilalim ng iba pang mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat.

Maraming salamat sa iyong pakikibahagi sa MSSP. Maaari kang mag-apply para sa mga serbisyo ng MSSP sa hinaharap kung naniniwala kang ikaw ay naging karapat-dapat.

Mangyaring tumawag sa/kay _____sa _____ kung mayroon kang anumang mga katanungan.

Taos-puso,

_____
Direktor ng Lugar